



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Hunyo 19, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tom Flannigan, 415.749.4900

Magbibigay ang Air District ng pondong \$4.5 milyon para sa mga gawad sa pangangalaga ng klima ng pampublikong ahensiya

Pagtataguyod ng mga makabagong estratehiya na nakakabawas sa mga greenhouse gas sa katagalan

SAN FRANCISCO – Inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng Air District ng Bay Area ang \$4.5 milyon para pondohan ang mga proyekto sa 15 panlalawigang pampublikong ahensiya para bawasan ang mga greenhouse gas mula sa mga dati nang gusali, at/o bumuo ng mga makabagong estratehiya para sa pangmatagalang pagbawas ng mga emisyon ng greenhouse gas.

Ang lahat ng proyekto ay sumusunod sa *Spare the Air, Cool the Climate (Iligtas ang Hangin, Palamigin ang Klima)*, ang plano sa malinis na hangin ng Air District, at pabilisin ang pagbawas ng pagpaparumi sa hangin dahil sa mga nagpaparumi na may pamantayan pati rin ang mga greenhouse gas. Ang mga napiling proyekto ay makabagong pamamaraan na mabisa bilang mga estratehiya na maaaring gayahin sa buong rehiyon at higit pa.

“Ang mga gawad na ito ay namumuhunan sa mga proyekto sa lupa, na maagap na nakakabawas ng carbon at tinukoy ng mga pangkapaligirang propesyonal na nagtatrabaho na sa pampublikong sektor ng Bay Area,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang paggamit ng kaalaman na iyon at ang pagbibigay ng bagong pagpopondo ay makakatulong na maipagpatuloy na maisulong ang Bay Area sa landas patungo sa pagtugon sa mga layunin ng pagprotekta sa klima ng rehiyon.”

Kabilang sa proyekto ang \$400,000 sa Panlalawigang Network ng Enerhiya ng Bay Area (Bay Area Regional Energy Network, BayREN) isang pagtutulungan ng siyam na county na bumubuo sa San Francisco Bay Area, na pinangungunahan ng Mga Pamahalaan ng Bay Area. Ang BayREN ay nagpapatupad ng mga mabisang programa para makatipid ng kuryente sa panlalawigang antas at bubuo ng isang programa para gumamit ng mga de-kuryenteng pambomba ng mainit na tubig sa halip na mga karaniwang tangkeng pampainit ng tubig na ginagamitan ng natural na gas.

Ang Awtoridad ng Alameda County para sa Pamamahala ng Basura ay ginawaran ng \$263,000 para gumamit ng awtomatikong may sensor na teknolohiya para bawasan ang kontaminasyon sa compost.

Ang Marin County, na nakikipagtulungan sa iba pang mga hurisdiksiyon ay ginawaran ng \$206,000 para bumuo ng mga pang-marketing at huwarang patakaran para itaguyod ang mga kongkretong mababa ang carbon na materyales sa pagtatayo sa mga lokal na munisipalidad.

Ang pangongolekta ng mga bagong patakaran, proyekto, teknolohikal na paggamit at mga pagtutulungan na nakakatanggap ng pagpopondo sa pamamagitan ng mga gawad na ito ay kumakatawan sa maraming kapakinabangan sa Bay Area at higit pa.

-HIGIT PA-

Kabilang sa 2018 na mga gawad para sa klima ang:

Aplikante	County	Proyekto	Halaga ng Gawad
Kagawaran ng Kapaligiran ng San Francisco	San Francisco	Mga pagpapahusay sa pagpapalamig sa mga palengke sa kanto	\$ 166,175
Bay Area Renewable Energy Network (BayREN)	Maraming county	Pagbabago ng panlalawigang palengke para sa mga de-kuryenteng pampainit ng tubig na heat pump	\$ 400,000
Contra Costa County	Contra Costa	Paglahok ng komunidad sa pamamagitan ng web	\$ 198,617
Lungsod ng San Jose	Santa Clara	Proyekto ng lungsod para sa pampainit ng tubig na heat pump	\$ 325,000
Marin County	Marin	Sinusubukang proyekto tungkol sa pagtatayo ng gusali na binawasan ng carbon	\$ 296,997
Pagpopondo ng Pabahay at Panlalawigang Trust ng San Mateo County	San Mateo	Karagdagang matitirhan na walang carbon	\$ 296,000
Distrito ng Kolehiyo sa Komunidad ng San Mateo	San Mateo	Binabawasan ng mga Fellow ng Climate Corps ang mga Greenhouse Gas sa mga community college	\$ 300,000
Marin County	Marin	Bumuo ng merkado para sa kongkretong mababa ang carbon	\$ 206,456
Lungsod ng Palo Alto	Santa Clara	Pagre-recycle ng appliance na pampalamig	\$ 132,000
Awtoridad ng Alameda County para sa Pamamahala ng Basura	Alameda	Pagbawas ng kontaminasyon sa compost	\$ 263,658
Malinis na Enerhiya ng Silicon Valley	Santa Clara	Mga pampainit ng tubig na heat pump sa county	\$ 325,000
Lungsod ng Brisbane	San Mateo	Ordinansa ng pangkomersyal na gusali para bawasan ang paggamit ng enerhiya	\$ 200,000
Enerhiya ng Komunidad ng East Bay	Alameda	Matibay na solar para sa mga kritikal na pasilidad	\$ 300,000
Panlalawigang Awtoridad sa Pagprotekta sa Klima ng Sonoma County	Sonoma	Insentibo at pagma-market tungkol sa e-bike	\$ 250,460
Lungsod ng Santa Clara	Santa Clara	Palitan ang mga gumagawa ng diesel ng imbakan ng baterya sa mga data center	\$ 300,000
Lungsod ng Palo Alto	San Mateo	Palitan ang mga pugon sa dingding ng mga de-kuryenteng heat pump	\$ 296,220
Lungsod ng Fremont	Alameda	Namahagi ng enerhiya para alisin ang carbon sa mga gusali	\$ 245,000

Ang [Bay Area Air Quality Management District \(Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area\)](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air, pumunta sa www.sparetheair.org.

###

*Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)*